



## ZAKAT

Ang zakat ay ang itinakdang porsyento ng pera na obligadong ibigay ng mayayamang Muslim kapag ito ay nakaabot ng *Nisab* sa loob ng isang taon sa kalendaryo ng buwan sa Islam, at ang kahalagahan ng Zakat ay nabanggit ng Allah sa mga talata ng Koran at palaging nakasunod sa pagdarasal.

Mararagdagan ang mabubuting gawa sa buwan ng Ramadan, at gumagawa ang mga muslim ng maraming kabutihan at nagbibigay ng sadaqah. Isa sa pinaka-mahalagang bagay sa Allah ay Zakat, sinabi ng Allah: (At ang mga yaong nagbukod ng nakatakdang bahagi mula sa kanilang yaman na ipinag-utos ng Allâh sa kanila, 25. na ito ay obligadong kawanggawa na ibinibigay sa mga nangangailangan: kahit alinman sa dalawa sa nanghihingi at hindi nanghihingi, (Pag-akyat:24-25).

Ang unang salita ng Allah: (...O kayong mga matatapat sa inyong paniniwala! Sundin ninyo ang utos ng Allâh at huwag ninyo itong labagin, at sundin din ninyo ang Sugong si Propeta Muhammad (saw) sa kanyang dala-dalang katotohanan;...) (mga kababaihan: 59), sinuman sumunod sa Allah at hindi sumunod sa Propeta Muhammad S.W ay hindi tanggapin ng Allah.

Ang pangalawang talata: sinabi ng Allah: (isagawa ninyo ang pagsa-‘Salâh’ sa tamang pamamaraan na katulad ng pagsasagawa ng Propeta ng Salâh at Ibigay ninyo ang karapatan mula sa inyong mga kayamanan, na isinaad ng Allâh sa pamamagitan ng Kanyang Sugo (ang tinatawag na Zakât)..) ( Baka: 43), sinuman magdasal pero hindi magbigay ng Zakat ay hindi tanggapin ito ng Allah. at ang ikatlong talata: (...*Magpasalamat ka sa Allâh, at pagkatapos ay magpasalamat ka sa iyong mga magulang,*...) (Luqman: 14), sinuman magpasalamat sa Allah at hindi magpasalamat sa kanyang mga magulang ay hindi tatanggapin ng Allah. (Interpretasyon Samarqandi 1/96). Ang zakat ay tanda ng mga mananampalataya, sinabi Allah: (...14. Na kung kaya, binalaan Ko kayo, O kayong mga tao, at tinakot hinggil sa naglalagablab na Apoy na napakatindi na ito ay Impiyernong-Apoy.15. Na walang sinuman ang makakapasok (sa Apoy na) ito kundi siya na napakatindi ang kasamaan, na tinanggihan niya ang Propeta ng Allâh na si Muhammad,16. At



tinanggihan niya ang paniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at pagsunod sa kanilang dalawa.17. At walang pag-aalinlangan, ilalayo sa kaparusahang ito ang sinuman na matindi ang kanyang pagkatakot sa Allâh,18. Na ginasta niya ang kanyang kayamanan bilang paghahangad ng karagdagang kabutihan( Gabi: 14-18).

Ang paraan ng awa at pagpapatawad, sinabi ng Allah: (. .. ang Aking habag ay saklaw nito ang lahat ng Aking nilikha, na kung kaya, itatala Ko ito (ang Kanyang awa) sa mga yaong natatakot sa Allâh, at nagbibigay ng zakat (Ang Mataas na Lugar: 156).

Ipinangako ng Allah sa mga taong nagbibigay ng zakat ang dobling gantimpala para kanila , sinabi ng Allah: (...anumang ibinigay ninyo bilang ‘Zakât’ o di kaya ay ‘Sadaqah’ sa mga karapat-dapat pagbigyan bilang paghahangad sa pagmamahal ng Allâh at ng Kanyang gantimpala, ay ito ang tunay na katanggap-tanggap sa Allâh at dodoblehan Niya ito sa inyo nang maraming-maraming beses (Roman: 39).

Sinumang magbigay ng zakat ay magiging mahusay ang kanyang buhay at pera, sinabi ng propeta S.A.W, kapayapaan ay sa kanya: « iniutos ng Allah ang Zakat para lamang sa kabutihan ng atin kayamanan » (Abu Dawood, 1664). Ang Zakat ay nangangahulugan ng paglilinis , sinabi ng Allah: (Tanggapin mo, O Muhammad, ang mga kayamanan nila na mga nagsipagsisi na naghalo ang kanilang mga mabuting gawa at mga masamang gawa bilang kawanggawa mula sa kanila upang sila ay linisin mula sa dungis ng kanilang pagkakasala, at sila ay mapalayo mula sa antas ng mga mapagkunwari tungo sa antas ng mga malilinis at dalisay, at ihingi mo sila ng kapatawaran sa kanilang mga pagkakasala upang sila ay mapatawad, dahil katiyakang ang panalangin mo para sa kanila at paghingi mo ng kapatawaran ay bilang habag at kapanatagan para sa kanila. At ang Allâh ay ‘Samee’ – Ganap na Nakaririnig sa lahat ng panalangin at salita, na ‘‘Aleem’ – Ganap na Nakaaalam sa kalagayan ng Kanyang mga alipin at sa kanilang mga layunin, at gagantihan ang bawâ’t isa ayon sa kanyang gawa.)(Pagsisisi:103).

Nililinis ng zakat ang mga mayaman sa kasakiman at karamutan, at ang mga mahihirap mula sa inggit at galit, at mararamdaman ang mga mahihirap ang kahalagaan ang kanilang buhay sa



lipunan. ang epekto ng pagbigay ng zakat sa mga mahihirap ay maging maganda ang kanilang buhay at moral. Sinabi ni Allah: (...at anuman ang inyong ginasta sa Daan ng Allâh ay Siya ang magtutumbas sa inyo nito rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay dahil Siya ay ‘Khayrul Râziqeen’ Pinakamabuting Tagapagkaloob, na kung kaya, hilingin ninyo ang kabuhayan mula lamang sa Kanya at magpunyagi kayo para isagawa ang mga paraan na ipinag-utos Niya sa inyo.”) (SambayananSaba:39).

Magandang kaugalian sa pagbigay ng zakat, 1. magandang intensyon para lamang sa Allah, at hindi sa panunumbat at pinsala, sinabi ni Allah: (O kayong naniwala sa Allâh at sa Kabilang-Buhay! Huwag ninyong sirain ang gantimpala ng mga ginasta ninyo sa pamamagitan ng panunumbat at anumang bagay na nakasasakit (ã-dhã ), ...) (Ang Baka 264), 2. ang pera ng Zakat ay galing sa halal at malinis dahil ang Allah ay mabuti at tumatanggap lamang ng mabuti at malinis . sinabi ng Allah: (O kayong mga naniwala sa Akin at sumunod sa Aking mga Sugo, gumasta kayo mula sa malinis na inyong pinagkakitaan at mula sa mga inani o sa mga bagay na ipinagkaloob Namin sa inyo na nasa kalupaan. ...) (Ang Baka: 267), 3. Ang magbigay ng zakat o sadaqah sa mga kamag-anak ay may dobleng gantimpala, sinabi ng propeta: « ang charity ay kawang-gawa sa mga mahihirap, at sa mga kamaganak ay may dalawang gantimpala” (Tirmidhi: 2582).

Ang bawat Muslim ay responsable sa pagbabayad ng Zakat sa kanyang pera sa tamang panahon, at ang pagpapaliban sa pagbigay ng zakat ay pagpapaliban sa mga karapatan ng mga mahihirap at nangangailangan, binigyan ng babala ng propeta Mohammad S.A.W ang pagpapaliban sa pagbigay ng zakat, sabi niya kay Muaz bin Jabal Radiyallahu anhu, noon siya ay pinadala sa mga tao ng Yemen: «Ipaalam sa kanila na ang Allah ay ipinag utos sa kanila ang pagbigay ng zakat sa kanilang pera, mula sa kanilang mga mayayaman at ibigay sa kanilang mga mahihirap (Muttafaqun alaihi), sinabi ng Allah: (Katiyakang ipinagkakaloob lamang ang ‘Zakâh’ na obligadong kawanggawa para sa mga nangangailangan na mahihirap na talagang walang-wala (fuqara), at sa mga mahihirap na hindi sapat ang anumang mayroon sa kanila sa kanilang pangangailangan



(masâkin), at doon sa mga inatasan para mangolekta ng ‘zakah,’ at para sa mga hinihikayat ninyo ang kanilang mga puso na tulad ng inaasahan na maging Muslim o pinatitibay ang kanyang pananalig o di kaya ay inaasahan na magiging kapaki-pakinabang sa mga Muslim, o di kaya ay mailayo siya sa masamang balakin laban sa mga Muslim; At ibinibigay din ito sa taong tinutubos niya ang kanyang pagkaalipin o pinapalaya niya ang kanyang sarili. At sa mga nabaon sa pagkakautang dahil sa nalugi ang kanilang negosyo o di kaya ay dahil sa paggagarantiya niya sa utang ng iba sapagka’t hindi nito nabayaran ang inutang nito, o di kaya ay sa mga taong nabaon sa utang na hindi naman dahil sa kanyang kagagawan o pamiminsala, o sa masamang gawain o hindi sa kanyang pagiging bulagsak. At binibigyan din ng ‘Zakât’ ang mga nagpupunyagi o nakikipaglaban sa Daan ng Allâh, at sa mga gawain na para sa kapakanan ng Islam na katulad ng pagpapalaganap nito at iba pa. At para sa manlalakbay na na-‘estranded’ (naantala) o natigil sa isang lugar, na naubusan siya ng panggastos o baon. Ang pamamahaging ito ay obligasyon na ipinag-utos ng Allâh at Siya ang nagtakda nito. At ang Allâh ay ‘`Aleem’– Ganap na Nakaaalam kung ano ang makabubuti sa Kanyang alipin, na ‘Hakeem’ – Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa at sa Kanyang batas.) (Pagsisisi: 60).

Key words:

Zakat, panggastos, kawanggawa, mga batas ng pera, magbayad ng Zakat, magandang asal sa pagbigay ng Zakat.